## www.rev (wise words of women.revolutionary)

**"Kapag may kagustuhan, may paraan. Ninanais nating isulong ang pandaigdigang rebolusyon, kung kaya't dapat hanapin ang paraan upang maabot ang masa ng mga pinagsasamantalahan at inaaliping kababaihan, madali man o mahirap ito sa mga istorikal na kalagayan."**



Mula sa talumpati ni Clara Zetkin sa Ikaapat na Kongreso ng Communist International noong Nobyembre 1922. Siya ay isang Aleman at isang rebolusyonaryong internasyunalista na masugid na tagapagtaguyod ng paglaya ng kababaihan na kaakibat at bahagi ng proletaryong pakikibaka.

| **MAKIBAKA Library** | MALAYANG PILIPINA |
|---|---|
| Itinataguyod ng MAKIBAKA ang mga rebolusyonaryong awit, pelikula at dokumentaryo bilang bahagi ng pagsusulong ng rebolusyong kultura. Kaugnay nito, maaaring magbahagi ng inyong mga tula, artikulo, drawing, o na-prodyus na bidyo. Muling inaayos ang koleksyon ng rebolusyonaryong audio, video, at mga sangguniang babasahin ng MAKIBAKA upang maipalaganap ito. Maaring i-request din sa inyong mga tsapter at lider ng MAKIBAKA kung nais ninyong kumopya. Isinasaayos din ang mga social media accounts at email sa ngayon.<br><br>Itaguyod ang rebolusyonaryo at mapagpalayang kultura! | Pasasalamat para sa mga artikulo at drawing:<br><br>Iris Nerine<br>Keren Nina<br>Robbin<br>Roja Bayle<br>Saysay Silangan<br>Zola Emil |

MALAYANG PILIPINA

Ang **MALAYANG PILIPINA** ay opisyal na babasahin ng **MAKIBAKA** na inililimbag apat na beses isang taon.Bukas po ang patnugutan sa anumang puna o mungkahing nais ninyong iparating. Tumatanggap din ang Malayang Pilipina ng kontribusyon sa anyo ng artikulo, balita, tula at maikling kwento. Maaari itong ipaabot sa opisyal na email ng MAKIBAKA.

**Isyu #1** **Agosto 2024**




**EDITORYAL**

# Pasidhiin ang Damdaming Maka-uri, Makabayan at Internasyunalista! Tutulan ang Imperyalistang Digma!

Sa SONA 2024 ni Marcos Jr., ay binanggit nito ang kanyang mga "panandang batong" ganansya na nakuha sa mga istratehiko at taktikal na mga pandaigdigang kasunduan para sa pagdidepensa sa soberanya umano ng Pilipinas. Ngunit sa punto de bista ng mamamayang Pilipino, katumbas nito ay pagka-

kanulo o pagtatraydor at walang kapantay na krisis.

Dagdag na senyales sa krisis na kasulukuyang nararanasan ng mundo ang Reciprocal Access Agreement (RAA) sa pagitan ng Pilipinas at Japan na pinirmahan nitong Hulyo 8, 2024. Dating sinulong at ka-Digma ng Japan ang Pilipinas noong World War II, ngunit sa kasalukuyan ay buo ang pagkakaibigan at magiging magkakampi para sa isang “defense pact”. Karugtong ang RAA sa nabuo namang kasunduan sa Trilateral Summit noong Abril sa pagitan ng Pilipinas, Japan at US. Kapwa ang Summit at RAA ay tutugon diumano sa nakaka-alarmang kalagayang panseguridad ng South China Sea at East China Sea kasama na rito ang sinasaklaw ng West Philippine Sea at Taiwan Strait.

Bahagi ang RAA at ang isinagawang pinakamalaking Balikatan Exercises sa kasaysayan nitong Abril hanggang Mayo, ng mga *calibrated* na militaristang maniobra ng US laban sa matigas at aroganteng pagpoposisyon at pangangamkam sa South China Sea ng kapwa nitong imperyalista na bansang China.

Inaasahan naman ang ganting reaksyon ng China sa nagaganap na *geo-politico-military alignment* ng US at mga kaalyado nito, na nakatuon sa mga karagatang istratehiko sa Asya Pasipiko. Ayon sa Western Command ng AFP, patuloy pang pinaparami ang pwersang nabal ng China sa West Philippine Sea at paglalalagay ng mga permanenteng istasyon sa mga pinag-aagawang mga teritoryo.

Kasabwat ang tutang rehimen, ginagamit ng US ang pagtatanggol umano sa soberanya ng Pilipinas bilang probokasyon sa China. Nagkukunwari si Marcos Jr na “hindi isusuko ang kahit isang pulgada ng teritoryo ng Pilipinas” pero isinasangkalan ang buong bansa – ang kalupaan at mga karagatan sa kontra-Tsinang US, para maging “kabalikat” sa pagdepensa ng bansa. Banggit pa, nakaamba ang isa pang “Ukraine” sa South East Asia.

Hindi naiipit sa dalawang nag-uumpugang bato si Marcos Jr. Nagpapaumpog siya ng kanyang ulo. Nalalantad ang labis na pagpapaka-



Siya ay yaong mang-aawit. Ang kanyang oyayi ay hindi nagpapahimbing bagkus ay magpapagising sa kamalayan ng bawat ina na bakahin ang sentimentalismo. Ang mga sonata mula sa kanyang labi ay nagpapaluwal ng mga anak ng bayang may tibay ng loob.

Siya ay isang simpleng ina sa baseng masa. Kumukupkop at itinatago ang mga anak na target dahasin ng mga berdugo’t pasista. Gagawin niya ang lahat para proteksyunan ang bata at hahamakin ang lahat para lamang hindi makanti ng kaaway ang paslit na nasa kanyang santuwaryo.

Hindi matatawarang sakripisyo ang iniaambag ng mga babaeng ina na yumayakap sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Pagkahaba-haba man ng tinatahak ng rebolusyong Pilipino, ang mga dakilang ina ng isang rebolusyonaryong kilusan ay tiyak na hindi bibitaw at magpupunyagi. Sa kabilang banda, kailangang magpunyagi ang isang makatarungang pakikidigma alang-alang sa mga inang umaasa sa tagumpay ng digmang bayang magbibigay ng maaliwalas na kinabukasan sa kanilang mga anak.

*Natutunan ko na ang babae ay maaaring maging palaban, lumaban para sa kalayaan, maging aktibista, at maaaring umibig at ibigin. Maaari siyang mag-asawa, magkaroon ng anak, maging ina. Ang rebolusyon ay dapat na mangahulugan din ng buhay; ng iba’t ibang aspeto ng buhay.*

*- Leila Khaled, Rebolusyonaryong Palestino*



George" Mendoza, Marian "Ka Lunti" Castro, Angelika Joan "Ka Molly" Villalon, Azase "Ka Mabel" Galang, Rewilmar Torrato at Ka Concha Araneta!

**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**
**Mabuhay ang Pambansa Demokratikong Rebolusyon!**

---

## Pagbibigay Pugay Sa Mga Rebolusyonaryong Ina

Mahirap sukatin ang pag-ibig na tangan-tangan ng mga dakilang ina na ang inaalay ay ang buong diwa ng pagiging rebolusyonaryo.

Saan mang larangan ng pakikidigma nariyan ang iba't ibang mukha ng kaniyang katangiang mapag-aruga, na sinasaluhan ng bigwas ng katapangan.

Siya ay hukbo. Nakikita niya ang kanyang anak sa lahat ng mga Pulang mandirigma. Walang kapanatagan sa kanyang dibdib sa bawat pagputok ng mga baril panahon ng mga pagbira at mga banatan. Sa mga pagal na katawan ng kanyang ka-yunit, magpapataas ng moral ang kanyang pananalita, oopensiba ang kanyang pagkalinga.

Siya ay detenidong pulitikal. Palagiang nagpupumiglas ang kanyang damdamin sa hangad na makawala sa mga mapanupil na rehas, upang muling mayakap ang kanyang mahal na anak, pamilya at mga kasama. Siya ay ina, ate, auntie. Ang kanyang pakikinig sa mga kwento at pagbibigay ng katatagan ng loob ay mga porma ng kaniyang pag-aaklas.

Siya ay guro. Nasa kaibuturan ng kanyang pagtuturo ang kapangyarihang hangad ng makabayan, makamasa, at siyentipikong edukasyon. Nadudurog ang kanyang puso sa kalagayang may mga batang hindi marunong magbasa, magsulat, magkwenta at mangmang sa mga mapagpalayang kamulatan.



tuta habang pinapasok ang mga kasunduang pang-ekonomiya at pangmilitar na napakapaborable sa mga dambuhalang dayuhang monopolyo kapitalista at kasapakat nilang malalaking burgesya komprador na naglalagay naman sa uring anakpawis sa napakadehadong kalagayan. ekonomiya at pangmilitar na napakapaborable sa mga dambuhalang dayuhang monopolyo kapitalista at kasapakat nilang malalaking burgesya komprador na naglalagay naman sa uring anakpawis sa napakadehadong kalagayan.

Hindi magkakahiwalay ang Charter Change, ang EDCA, pinapalawig na mga Balikatan exercises at ang RAA na kasunduan kasama ang Japan. Buo ang disenyo at pakete ng mga ito para ang isang mala-pyudal at mala-kolonyal na bansa tulad ng Pilipinas ay mas busabusin pa at sumalo sa tumitinding krisis ng labis-labis na produksyon at kumikitid na pamilihan ng imperyalistang US at maging ng Japan.

Kaalinsabay ng trilateral summit at RAA ang mga kasunduang pang-ekonomiya para sa investment ng Japan at US sa tinatawag na Luzon Corridor. Bibigyang diin ang mga pantalan at mga *ecozones* para sa semiconductors industry na interes ng US sa patuloy na pagdebelop ng teknolohiya kabilang na ang *artificial intelligence*. Sa loob ng mga *ecozones* lalo na sa Central Luzon at Southern Tagalog na sakop ng Luzon Corridor, nakakulumpon ang milyun milyong manggagawa na nakakaranas ng mababang sahod, hindi maayos na pasilidad sa mga pabrika at mga paglabag sa karapatan sa pag-uunyon.

Nakaamba ang digma sa kasalukuyang yugto ng kasaysayan. Ang kilusang kababaihang anakpawis ay hinahamong tumindig para sa maka-uri, makabayan at internasyunalistang adhikain at pagkilos. Mahalagang alalahanin ang mga magigiting na lider manggagawang kababaihan na sina Clara Zetkin, Rosa Luxemburg, Silvia Pankhurst, Aleksandra Kollontai at Inessa Armand na nanindigan para sa uri at diwang internasyunalismo bago pumutok ang WWI hanggang sa aktwal na kaganapan nito noong 1914. Katulad ng pagpapakilos nila sa daan libong kababaihan upang labanan ang inter-imperyalistang digma, kailangang pakilusin din ang mga kababaihang Pilipino upang

tutulan ang nakaambang imperyalistang digma. Patuloy nating isulong ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihang Anakpawis na handang sumuong sa sakripisyo, at magtaguyod ng magiting at maka-uring kilusan para ilantad at gapiin ang di-makatao, ganid at militaristang pandaigdigang pananalanta ng mga imperyalista.

---

## Mga Bula sa Pabrika

*Kwento ni MM, isang manggagawang kababaihan sa pabrika ng sabon.*



***Mabango ang amoy ng pagsasamantala***

Sa tabi ng sapa matatagpuan ang bahay ni MM kasama ang kanyang asawa at anak. Sa kabila ng pangangalay ng kanyang braso dulot ng pagtatrabaho noong nakaraang araw, madadatnan siyang masayang nagmamasahe ng kapitbahay habang nakikipagkuwentuhan sa may pintuan ng kanilang tahanan.

Tulad ng kanilang mga kapitbahay, si MM ay lumipat sa siyudad mula sa probinsya para maghanap ng trabaho. Kuwento niya, may edad na siya nang pumasok sa pagawaan ng sabon. Ito ay dahil sa loob ng mahabang panahon, ang kanyang mister ang kumikita para sa kanilang pamilya habang siya ang nag-aasikaso ng kanilang anak at bahay.

*“Sabi ko nga, baka hindi na ako tanggapin dahil sa edad ko. Edi nag-try akong magtrabaho, nag-apply, hanggang sa natanggap. Nag-aya ako sa mga kasama ko rito, halos ako na nga ang nagprodyus ng mga requirements nila.”*

Sa loob na ng pagawaan tumanda si MM, ngunit sa kabila ng halos dalawang dekadang pagtatrabaho ay nananatili siyang piece rate o di regular. *“Noong nakapasok kami, jusko po, hirap ang inabot namin doon! …*



Inilaan nila nang buong panahon ang talino, lakas at kakayahan sa pagtulong para ipagtagumpay ang mga pakikibakang magsasaka, pakikipagkaisa sa uring manggagawa, at pagpapatupad ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa kanilang pagiging maparaan, malikhain, maaruga at matalas sa bawat sandali ng pagtataguyod at pagsasakatuparan ng rebolusyon, ay kanilang ipinamalas ang walang katumbas na katapangan at kadakilaan.

Nanindigan sa harap ng matinding hirap at sakripisyo sa araw araw, at hanggang sa huling sandali ay nakaturol ang kanilang mga armas sa kaaway ng uring pinagsasamantalahan.

Kalahati ang kababaihan ng sambayanan at ang lugar niya ay sa rebolusyon. Ang partisipasyon ng kababaihan sa pakikibaka para sa tunay na kapayapaan ay makatarungan dahil nakaugat ito sa mahabang panahon ng pagsasamantala na nagpaliyab ng kaniyang rebolusyonaryong adhikain. Sa pamamagitan ng kaniyang pagsapi sa mga rebolusyonaryong organisasyon, pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan at pagtangan sa armadong pakikibaka, ang kababaihan ay nagiging tagapaglikha ng bagong uri ng lipunan na malaya sa pagsasamantala.

*Ang pinakamataas na porma ng pagpupugay sa ating mga martir ay sa mahigpit na pagtangan ng mga baril na kanilang nabitawan, sunggaban ang mga kahinaan ng kaaway at ipagpatuloy ang digmang bayan. Sa pagpapatuloy ng rebolusyon, sila ay mananatiling inspirasyon. Laksa*-laksang kababaihan ang magtatanghal at magsasabuhay ng kanilang kagitingan at katapangan.

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay sa mga kababaihang martir at bayani ng sambayanan! Joy “Ka Kyrie” Mercado, Precious Alyssa “Ka Komi” Anacta, Baby Jane “Ka Binhi” Orbe, Allysa “Ka Ilaya” Lemonicito, Maria Jetruth “Ka Orya” Jolongbayan, Jhunalice Arante-Isita, Gladys Cassandra “Ka



## Pahayag ng pagpupugay ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) para sa mga kababaihang bayani ng sambayanan

Ang lupit, gutom at sakripisyo na hinarap ng mga hukbo ng bayan sa loob ng sonang gerilya ay una nilang danas sa hapag kainan ng sariling tahanan.

Mga kababaihan mula sa uring magsasaka na hiling ang tunay at kumprehensibong reporma sa lupa, mga manggagawang kababaihan na tumitindig para sa pambansang industriyalisasyon, kababaihan mula sa maralitang lungsod na mithiing matamasa kanilang mga batayang pangangailangan, at kabataang kababaihan na saksi sa hirap ng mga magulang, handang ialay ang kaalaman para sa uring api – sila ang bumubuo sa Bagong Hukbong Bayan, sila ang mga martir ng samabayanan.

Nagmula sa iba't ibang uri at saray ng lipunan, bayani ang mga ina, anak, kapatid, kaibigan na mapangahas at magpasyang lumahok sa digmang bayan upang iwaksi ang pagsasamantala ng mga naghaharing uri sa bansa at ng mga imperyalista laban sa masang anakpawis.



*'Yung mga datihan, sila lang ang nakakaalam ng mga pasikot-sikot sa loob ng pagawaan. Dahil piece rate kami, kung ano ang nagawa, iyon lang din ang kita."* kuwento niya.

Noong siya ay baguhan pa sa pagawaan, hindi hihigit sa isang libo ang kanyang sinasahod. Hanggang sa pinanday ng maraming taon ng paggawa ay naging mabilis at maramihan na ang kayang likhaing sabon ni MM. Sa kabila nito ay halos wala pa ring pagbabago sa laki ng kanyang sinasahod.

*"Iba't ibang uri ng sabon, pampaputi, pampaganda ng mukha, pampakinis, kadalasan pang-export ang ginagawa namin. Pati cream nila ay dito ginagawa"* aniya. *"Habang nagtatagal, alam na namin 'yung mga para-paraan para sa mabilis na paggawa ng sabon pero tingnan mo na naman, 16 years na akong nagtatrabaho dito pero hindi pa rin ako regular, gano'n kahirap ang dinaanan ko."*

Hindi rin regular ang araw ng kanilang trabaho, minsan dalawa o tatlong beses lang sila kada linggo pinapapasok sa pagawaan. Sa panahon na mahina ang gawa, isang libo lang ang sinasahod nila sa isang linggo na kinakaltasan pa ng SSS, Pag-IBIG at PhilHealth. Napipilitan siyang mangutang para sa panggastos ng kanilang pamilya sa araw-araw lalo na't halos walang byahe ang asawang drayber.

*"Iba-iba rin ang presyuhan, pero kadalasan, sa kada 100 piraso ay 27 pesos ang binabayad sa amin. Nagtaas na kaunti, naging 31 pesos na kada 100 pieces o 0.31 centavos kada piraso. Pero kung lima kami sa team 'yung halimbawang 31 pesos na kita kada sabon ay hahatiin pa namin sa lima, pumapatak na 6.2 pesos kada manggagawa... weekly ang sahod namin kaya nakadepende ang sasahurin sa bilang ng pinaghirapang sabon."*

Sa maghapon, ang minimum na gastos nila MM sa bahay ay pumapatak sa 400 pesos, iyon ay para sa pagkain at pamasahe pa lang at hindi pa bilang *ang pambayad ng kuryente at tubig.*

*"Araw araw ko lang na pamasahe kasama pagkain 100 ang gastos ko, kung isasama pa ang gastos sa bahay, hindi na talaga sumasapat ang kinikita ko na 250 pesos sa 4 na oras ng trabaho. Minsan nagba-bike o nilalakad ko nalang papasok para makatipid sa pamasahe…. Alam ko na iyon, kapag kami'y mahina ang gawa, pauwi ay tatawag na ako sa kapatid ko. Pagdating ng sahod, babayaran ko siya, tapos wala na namang matitira, kaya mangungutang na naman. Hindi na natapos tapos ang pangungutang."* nakatawa ngunit malungkot niyang sinabi.

Apektado rin ng El Niño ang kanilang kondisyon sa loob ng pagawaan. Kuwento niya ay pinagsusuot sila ng hairnet, apron, at face mask pero dahil sa sobrang init, nahihirapan silang huminga. Dagdag pa ang matatapang at sari-saring amoy ng sari-saring mabangong sabon. Mahigpit din ang kanilang konsultant ng pabrika, hindi sila pinapayagang kumain maski uminom ng tubig sa kanilang station kaya bihasa sa pagtitiis ng gutom, ihi, at uhaw ang mga manggagawa ng pagawaan.

*"Hindi tulad ng mga daily na may isang oras para magpahinga at kumain, kaming mga piece rate ay walang break kasi hinahabol nga namin na makagawa kami nang marami. Madalas, hindi na kami kumakain, doon na lang sa lamesa, patago kaming kumakain para makabalik agad sa paggawa.*

***Medyo regular, medyo hindi***

Dahil sa haba ng panahon ng pagtatrabaho ni MM sa pagawaan, mula piece-rate siya ay ginawang regular-piece-rate. Depende sa lakas ng paggawa, may mga araw na ang pasahod sa kaniya ay katumbas ng sa manggagawang regular, at pagka mahina naman ay sahurang piece-rate.

Mulat si MM sa masalimuot na pagkakaiba ng kalagayan ng mga piece-rate at regular na manggagawa – mula sa sahod at benepisyo, hanggang sa pagkakasadlak sa hindi makataong paggawa. *Aniya, "Sipag at bilis ang puhunan ng mga katulad ko na palaging naghahabol ng gawa. Lugi pa nga kami kung tutuusin kasi mas mabigat ang trabaho ng piece-rate na manu-mano kumpara sa regular na may makina."*



Kasabay ng kagyat na mga relief operations, itinayo ang mga samahan ng mga boluntir mula sa mga tumulong at nagresponde, nagtayo ng lokal na samahan sa komunidad para sa pagtugon sa isyu ng kalamidad at nagparami ng mga kasapian ng mga pambansa demokratikong organisasyon.

Ang mga samahang ito ay hindi lamang nakatuon sa relief at rehabilitasyon, kundi sa pag-ugat sa usapin ng matinding pagbaha. Ilulunsad nito ang mga pulong masa, porum at iba pang mga pagkilos at aktibidad upang palakasin ang kampanya laban sa patuloy na pandarambong sa kalikasan at ang mapanirang epekto nito sa mamamayan. Ipinapanawagan nito hindi lamang ang ayuda kundi ang kumpensasyon sa pagkasira ng mga buhay, kabuhayan at mga tahanan. Gayundin, bitbit nila ang panawagan sa pagpapanagot sa mga malalaking lokal at dayuhang korporasyon na sumisira sa kalikasan ng Pilipinas at ugat ng malubhang paglubog ng mga komunidad sa pamamagitan ng mga mapaminsalang quarrying, pagmimina, illegal logging, at mga proyektong reklamasyon.

Binabantayan din sa nagaganap na budget deliberations sa Kongreso ang paglalaan ng pondo mula sa kaban ng bayan para sa mga proyektong maaaring magdulot ng dagdag na pinsala sa buhay ng mamamayan. Naungkat na mayroong 540 mga negosyo ang nag-oopereyt sa Upper Marikina Watershed, na dapat ay isang protektadong erya. Liban sa mga binigyan umano ng show cause order ng DENR, hindi mapagpasyang ipinagbabawal ang mga negosyo ng logging at quarrying na siyang sumira sa mga kabundukan kasabay ng mga dam na itinatayo para lamang sa pakinabang ng negosyo at hindi ng bayan.

Sumususog at nakikibahagi ang rebolusyonaryong kababaihan ng MAKIBAKA sa mga aksyon at panawagan ng iba't ibang mga samahang masa sa pagpapanagot sa mga mapaminsalang negosyo. Kasabay nito, patuloy itong sumusuporta sa mga operasyon ng Bagong Hukbong Bayan upang parusahan ang mga negosyo na sumisisira sa kalikasan at nagpapahirap sa mamamayan.

projects para sa taong ito. Mulat ang sambayanang Pilipino bago pa man bumagsak ang bagyo na ito ang pinagmumulan ng matinding korapsyon sa loob ng gobyernong pahirap sa mamamayan.

Sa kabila ng pagdedeklara ng state of calamity sa mga apektadong lugar ay napakabagal at barya baryang ayuda ang pinamahagi ng Department of Social Welfare (DSWD) sa mga nasalanta ng bagyo na umaabot sa ₱200 milyon na humanitarian aid. Insulto sa kababaihan at mamamayan ang ₱5,000-₱10,000 ayuda para sa mga bahagya at lubos na nasira ang tinitirhang bahay. Paano makakaahon ang mga pamilyang Pilipino sa kasalukuyang krisis dulot ng matinding taas ng presyo ng mga bilihin, kawalan ng katiyakan ng trabaho, at sobra sa barat na sahod?

Ang papet na rehimeng US-Marcos Jr. ang kasalukuyang pinakamalaking disaster sa buhay ng sambayanang Pilipino dahil sa kaniyang lantarang kawalan ng aksyon sa pinsalang dulot ng bagyong Carina sa kabahayan at kabuhayan ng masang kababaihan at mamamayan. Walang bahid ng pananagutan, nagawa pang maghugas kamay ni Marcos Jr. at sisihin ang mga maralitang lungsod at pagbabago ng klima bilang dahilan ng matinding pagbaha.

Dahil alam ng kababaihan na wala siyang maaasahan mula sa pamahalaan, itinaguyod nila ang mga kagyat na pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at tulungan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Naglunsad sila ng mga donation drives kusinang bayan, pamimigay ng food packs, at mga community clean up drives. Sa kasalukuyan ay nagpapatuloy ang pangangalap ng tulong para sa kagyat na suporta at serbisyo sa mga biktima ng kalamidad.





Partikular na iniinda ni MM ang matinding pagod at pananakit ng katawan na nararanasan. *"Sa araw na daily ka, di rin aabot sa minimum [wage] bayad pero alam mo kung magkano ang kikitain mo. Kapag piece rate ka dapat makarami [ng gawa] sa loob ng isang araw… Mas nakakapagod ang piece rate kasi talagang habol mo ang bilis. Mananakit ang katawan dahil maghapon na pagod, nakatayo, nararamdaman dito sa braso dahil sa paulit-ulit na [pag-]cut [ng sabon]."*

Bukod sa sahod, matutunghayan din kung paano pagsamantalahan ng kapitalista ang kaniyang mga manggagawa sa anyo ng pagbabayad ng separation pay. Sa kanilang pagawaan kapag mag-reretiro o mag-resign ang manggagawang piece-rate o regular-piece-rate, kahit gaano na katagal na nagtatrabaho roon ay kakarampot lang ang matatanggap sa separation pay.

*"Kung matagal ka na at aalis ka, babayaran ka nila, pero hindi katulad nung sa regular na may price sila batay sa kung ilang taon silang nagtatrabaho. Kaming mga piece rate, ang katumbas lang ng isang taon namin ay isang libo. Kaya kung ngayong September ay 16 years na ako, 'pag umalis ako, 16,000 lang ibibigay sa'kin. Kapag regular ay aabot ng halos one hundred thousand plus ang ibabayad."*

Bagaman nakararanas ng paminsan-minsang taas-sahod sa pagiging regular-piece-rate, nakaayon pa rin ito sa interes ng kapitalista. Ang bilis at husay ng mga manggagawa ay pagsamantalahan sa pamamagitan ng istratehikong pagpapalit ng porma ng pasahod sa panahon na tambak ang order, sa layong masiguro ang tuloy-tuloy, mura, at episyenteng paggawa para sa mas mataas na kita sa pinakabarat na halaga.

*"Yung alternate na araw ng piece-rate at regular ay nagbabago rin. Kapag tambak ang loading, hindi na kukuha ng regular, lahat kami piece rate na no'n, lahat mabilis ang gawa, mahahabol 'yung pag-*

*deliver. Sa regular na gumagamit ng makina, pangbuo lang 'yun ng sabon. Pero lahat ng produkto dumadaan sa kamay ng piece rate para sa finishing."*

Bilang malapit na maging senior citizen at pangunahing inaasahan ng pamilya, pinagtatiyagaan ni MM ang barat na sahod at kondisyon sa paggawa sa pabrika. *"Noong una ay nagtiyaga lang ako hanggang sa umabot na ng ganito katagal. Hinahabol ko ang SSS kasi 3 years na lang 60 na ako, at least may pension kahit papaano. At kung titigil pa, ano namang trabaho ang papasukin ko? Ang trabaho ng kasambahay ay mas mahirap pa sa trabaho ko ngayon."*

***Gamit na gamit***



Humarap din sa malawakang tanggalan ang pabrika noong kasagsagan ng pandemya, kalakhan ay mga regular na tumanda na rin sa pagawaan. Sa kabila ng tanggalan, pinananatili ng kumpanya ang kota ng sabon. Bunsod nito, napilitan sila MM na magdoble-kayod, ang bilang ng sabon na ginagawa nilang 16 na piece-rate ay katumbas ng nililikha noon ng 80 na manggagawa.

*"Tuloy pa rin ang pag-operate pero hindi na kami ganon karami, dati halos siksikan kami, ngayon wala na. Kahit kumonti ang manggagawa yung quota naman namin ay parehas pa rin. Ngayon, pagka-rush ang delivery, pati mga driver at nasa opisina ay tumutulong sa produksyon ng sabon pero walang dagdag bayad. Lahat nga ay gamit na gamit."*

Malimit na idinadahilan ng kapitalista sa kanila ang posibilidad na malugi ito noong panahon ng pandemya, ngunit ilang taon na makalipas ang rurok ng COVID-19 ay hindi pa rin nagdadagdag ng mga manggagawa ang pabrika.

*"Dati, humingi na kami ng dagdag sahod pero ang tagal maaprubahan. Dati 15 centavos ang bayad samin kada sabon, ngayon ay 20 centavos, kung maka-100 piraso kami ay 20 pesos ang ibabayad sa amin. Para kaming nag-welga noon, sa sabon na pampaputi dahil pinapa-OT kami nang walang*



# Rehimeng US-Marcos Jr., Disaster Sa Buhay Ng Masang Kababaihan



Ilang araw matapos ang State of the Nation Address (SONA) ni Marcos Jr ay humarap sa matindi at walang tigil na pag-ulan ang bansa na nagdulot ng malaking pinsala partikular sa Metro Manila, Hilagang Luzon at Gitnang Luzon. Napilitan ang libu-libong mamamayan na iwanan ang kabahayan at lumikas tungo sa mga evacuation center kung saan karamihan ay halos wala nang nasalbang kagamitan. Ayon sa datos mismo ng gobyerno, 1.3 milyong pamilya o 4.8 milyong indibidwal ang naapektuhan ng pinagsanib na bagyong Carina at Habagat. 9 ang sugatan, 6 ang nawawala, at umabot na sa 39 ang namatay dulot ng pagkalunod at pagguho ng lupa. Ang tantos ng pagkasira ay umabot sa ₱9.7 milyon sa agrikultura, ₱6.6 milyon sa irigasyon, at ₱1.3 milyon sa imprastraktura.

Ang paglubog ng mga mayor na rehiyon dulot ng Carina at Habagat ay isang malaking sampal sa mukha ni Marcos Jr. matapos niyang ipagmalaki ang 5,500 proyekto na dapat tutugon sa matinding pagbaha sa kaniyang talumpati sa SONA. ₱12.13 bilyon ang inutang ng gobyerno sa World Bank para ipatupad ang mga nasabing proyekto para sa pag-modernisa ng mga pag-aagusan ng tubig baha, at koleksyon at disposal ng basura na sinasabing pakikinabangan ng milyun-milyong residente sa Metro Manila. Bukod pa sa inutang ay naglaan din ng ₱255 bilyong badyet sa DPWH para sa flood control

myembro din ng isang kooperatiba, bilang barker/konduktor ay umaaray sa jeepney phase out. Aniya, mayroon na sila na ilang modern bus na mula sa China at iyon ay may regular na drayber at konduktor na sahuran. Malaking bilang pa rin sa kanilang kooperatiba ang tradisyunal na dyip at isa-isa na ring mapi-phase-out. “Kapag hindi ako nagbarker, saan ko kukunin ang ipapadala kong pera para sa mga anak ko sa probinsya? Kwarenta pesos lang ang bayad sa akin kada dyip. Lalo pa liliit kita ko kapag inalis ‘yung dyip lalo ang mahal pa ng bigas, nakikikain na nga lang ako sa kapatid ko.”

Hindi alintana ang init ng panahon sa araw ng pambansang welga. Ang mga *signboard* ng ruta ay napalitan ng mga panawagan. Ang mga hari ng kalsada ay lumaban, kahit pa unti-unting pinapatay ng estadong maka-dayuhan at anti-mamamayan.

**Byaheng Rebolusyon**

Hindi na bago kina Abby at sa pamilya niya na sumama sa mga kilos protesta dahil bukod pa dito, sila ay biktima rin ng demolisyon. Para sa kaniya, inalisan na sila ng tahanan, at maging ang edukasyon ay mawawala rin sa kanila dahil sa pagdurog ng kanilang nag-iisang kabuhayan. Kaya walang ibang solusyon kundi kumilos.

Noong kasagsagan ng sunud sunod na pagtaas ng langis at gyera sa Middle East naman na-organisa at naging pultaym na organisador si Genesis. Jeepney driver ang kanyang tatay at OFW ang kanyang nanay. “2008 iyon, hirap na hirap kami ni Papa, si Mama naman hindi na nakauwi kasi naipit sila sa gyera. Parehong pareho lang halos sa ngayon wala namang pinagkaiba. Lumala pa sa ngayon. Marami akong kasama mga anak din ng driver, OFW, construction worker lahat iyon sumampa at naging hukbong bayan.”





*bayad. Tinaasan nila mula 24 pesos ay 33 pesos na ang presyuhan kada 100 piraso. Tumataas naman, pero paghahatian pa iyon ng bilang ng manggagawa kada team.”*

***Sabong ikinahon***

Nagpakita si MM ng sabon na kanilang hinulma, pinino at pinakete, isa raw sa mga produkto nila sa pabrika. Ang bayad sa kaniya para sa isang pirasong sabon na iyon ay 0.04 pesos, ito ay binili pa niya sa Watsons sa halagang 38 pesos. Ang halaga ng isang pirasong sabon na iyon sa merkado ay katumbas ng 950 na sabon na kaniyang nililikha sa loob ng pabrika. Ang mga manggagawa tulad ni MM ay tila parang mga sabon na lumilikha ng milyun-milyong bula ng labis-labis na halagang lumulutang at di matamo.

Habang hinahaplos at tinititigan ang sabon sa kamay, malungkot na binahagi ni MM ang kontradiksyon na hinaharap ng mga manggagawa sa pagitan ng kagustuhang ipaglaban ang pagiging regular at ang takot na mawalan ng hanapbuhay.

*“Sa pagawaan namin hindi kailanman nagkaroon ng unyon, natatakot sila. Ngayon, ang laban namin ay maging regular, ang problema ay ayaw nila sumama pa sa mga organisasyon at takot na kalabanin ‘yung factory.”* Sa kabila nito ay walang sawang pinapaliwanag ni MM ang kanilang mga karapatan sa mga kapwa niya manggagawa, nag-iisip ng iba’t ibang pamamaran upang unti-unting basagin ang takot na nararamdaman ng kapwa niya manggagawa at maitransporma ito tungo sa sa pakikibaka.

Ang ganitong pagkamulat sa kalagayan ng manggagawa ang naging daan upang marekrut siya sa MAKIBAKA. Bilang kasapi ng MAKIBAKA sa komunidad, mulat na ipinaplano ng kanyang kolektiba ang pag-oorganisa sa mga manggagawa hindi lamang sa kanilang pabrika kundi sa mga kalapit din nito. Kaya naman, siya ay kabilang sa isang *work-team* na nakapagbuo ng isang alyansa ng mga manggagawa sa siyudad na nananawagan ng pagtaas ng sahod. Kasapi dito kapwa ang mga

manggagawang may unyon, walang unyon at mga mala-manggagawa. Patuloy ang kanilang pagsisikap upang magbunga ito ng pagtatayo ang unyon at marami pang ibang samahan ng mga manggagawa sa komunidad at pabrika.

Pursigido si MM na sa nalalapit na panahon ay mapapakilos ang mga manggagawa sa loob ng kanilang pabrika para igiit ang mga pang-ekonomikong karapatan sa regularisasyon at nakabubuhay na sahod. Hangad niyang mamulat sila sa pakikibaka ng kanilang uri at tumindig para sa lahat ng manggagawa ng daigdig, at makipagkaisa sa uring magsasaka at lahat ng masang api para kalagin ang tanikala ng imperyalismo at itaguyod ang rebolusyon tungo sa isang sosyalistang lipunan.

---



## Mula Kalsada Tungo Sa Pakikibaka

Gabi pa lamang ay inusisa na ang makina, extrang gulong, tools, basahan, sapat na krudo. Kailangan siguraduhin na nasa kundisyon ang mga sasakyan kinabukasan. Maagang nagsigising para maghanda ng gamit - ekstrang damit, pagkain, at tubig. Tanging kape, kaunting tinapay at paninindigan na ibasura ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) ang baon ng mga jeepney drayber at kanilang mga pamilya sa araw ng tigil pasada at kampuhan bilang malawakang protesta sa pagtatapos ng palugit ng franchise consolidation sa araw ng Abril 30.

Layunin ng PUVMP na palitan ang mga tradisyunal na jeep ng mga modernong yunit na nagkakahalaga ng 3 Milyon at may rekisito ng pagkakaroon ng kooperatiba na may iisang prangkisa.

Dala-dala ang paglaban at pag-asa na sana'y tuluyan nang ibasura ang PUVMP, kasama sa mga tuloy tuloy na lumahok sa mga kilos-protesta ay ang 19 na taong gulang at estudyante sa kolehiyo na si Abby, anak ng



isang jeepney driver. Aniya, ang tradisyunal na dyip ang tanging pinagkukuhanan nila ng kabuhayan.

Dalawang second hand na dyip ang kanilang pag-aari na inutang lamang ang pinambayad dito. Di naglaon ay naibenta ang isang dyip. May sakit sa puso ang tatay ni Abby na siya ring drayber ng kanilang dyip. Malaking tulong ito sa kabuhayan nila dahil dito kinukuha ang panustos sa araw-araw. Sa limang magkakapatid ay tatlo sa kanila ang nag-aaral pa.

“Malaking dagok ito sa amin” dagdag pa ni Abby.

**Epekto ng Phase-out**

Libu-libong bilang ng mga drayber at operetor ng dyip ang apektado ng PUVMP, karamihan dito ay mga masang anakpawis at higit dekada nang bumabyahe sa kalsada. Ayon sa kanila'y wala silang ibang pagkukuhanan ng hanapbuhay lalo pa't ito na lamang ang mayroon sila—ang dyip.

Si Nanay Aida, 64 taong gulang asawa ng isang tsuper ay isa rin sa mga sumuporta sa unang mga araw pa lamang ng mga protesta sa PUVMP. Aniya, halos apat na dekada nang bumabyahe ang kanyang asawa at tanging ang pamamasada ang bumuhay sa kanilang pamilya. “ Senior na rin ang asawa ko, mahihirapan na rin sya maghanap ng ibang trabaho. Mula anak hanggang sa mga manugang ko ay binuhay na ng manibela”.

Hindi lamang mga tsuper at opereytor ang apektado ng PUVMP, tinatayang nasa 28.5 milyong komyuter ang apektado. Bukod sa pagtaas ng pasamasahe ay higit na mahihirapan ang pangkaraniwang komyuter sa araw-araw na byahe dahil sa magpahanggang ngayon ay hindi naman nilulutas ang pambansang krisis sa transportasyon.

Bukod sa mga komyuter, nariyan din ang mga maliliit na manininda at mga barker o kunduktor. Si Brandon, 56 single parent bagamat